Ako si TaTa, ikaapat na taong estudyante ng Mataas na Paaralan ng Isshiki Part-time Course.

Dumating ako sa Japan galing Indonesia noong tag-init nang ako ay 15 taong gulang. Noong mga panahong iyon ay wala akong kaalam-alam sa wikang Hapon. Isang beses sa isang linggo ay nag-aaral ako sa isang silid-aralan ng wikang Hapon, habang sa ibang mga araw ay nasa bahay lamang ako. Maliban sa aking kuya, palagi akong walang kasama at nag-iisa. Kahit na lumipas ang kalahating taon ay wala pa rin akong kaibigan. Naisip ko, “Hindi pwedeng ganito na lang palagi. Kailangan kong magbago,” kaya isang araw ay naglakas-loob akong kausapin ang isa pang babae sa pinapasukan kong silid-aralan. Subalit ni hindi man lang siya lumingon sa akin. Simula noon ay natakot na akong makipag-usap, at hindi ko na kayang makipagtinginan sa ibang tao.

Noong nagsimula ang taglamig ay sinabihan ako ng aking magulang na, “Bakit hindi ka pumasok sa mataas na paaralan?” Sumagot ako na, “Ayaw ko.” Nasagot ko ito dahil wala akong tiwala sa aking sarili na magsalita ng wikang Hapon. Nag-away kami ng aking magulang. Hindi tumigil ang aking luha dahil sa pagkagulo ng aking pag-iisip. Ngunit sabi pa rin nila sa akin na, “Gusto ka talaga naming mag-aral sa mataas na paaralan,” kaya nagpasya ako na mag-aral sa panggabing paaralan. Nag-aral ako ng mga nakaraang pagsusulit sa KIBOU, isang buwan bago ang araw ng pagsusulit, at ako ay nakapasa.

Sinusulatan ng aking mga guro sa mataas na paaralan ng hiragana ang mga kanji kaya kahit papaano ay naintindihan ko ang mga ito. Subalit hindi pa ako ganoon karunong magsalita ng wikang Hapon, kaya pakiramdam ko ay laging may naninira sa akin. Tuwing umuuwi ako galing sa paaralan, pagkababa ko ng bus, at pagtanaw ko sa aming bahay ay bigla na lang akong napapaluha. Ngunit nandyan pa rin ang aking mga magulang para sa akin na nagsasabing, “Kaya mo yan, ikaw pa!” at “Lagi ka naming susuportahan!”

Nangako ako sa sarili ko na, “Mag-aaral ako nang mabuti upang hindi na mag-alala ang mga magulang ko sa akin,” at simula noon ay nagpasya akong maging seryoso sa aking pag-aaral. Nag-aral ako sa bahay ng tatlong oras araw-araw. Pinag-aralan at isinaulo ko ang kahulugan ng bawat salita at kanji. Habang dumarami at nakakamit ko ang aking mga hangarin ay sumasaya ang bawat araw. Nawala na rin ang aking pakiramdam na laging may naninira sa akin. Natapos ang unang markahang pagsusulit at inihayag ang grado ng klase. Ang resulta ng aking grado ay “ikaapat” sa klase. Ako ay nagulat. Napatalon ako sa saya. Hindi ko inakalang isa ako sa pinakamatataas sa klase. Naging isa ito sa mga pinakamalalaking pangyayari sa aking buhay. At sa unang pagkakataon sa aking pamumuhay sa Japan ay nagkaroon ako ng “tiwala sa sarili.”

Dahil sa pangyayaring ito, nagbago ang aking pag-uugali at nagsimula akong sumubok ng

iba’t ibang bagay. Sa school festival namin ay nagtanghal ako ng sayaw kasama ang aking mga kaibigan sa ibang taon. Kinailangan ko ng lakas ng loob upang makatayo sa harap ng maraming tao. Ngunit dahil gabi-gabi ay masigasig kaming nagsanay, nagawa kong sumayaw nang iisa ang puso kasama sila. Napakasaya ko dahil pagkatapos ng aming sayaw ay binigyan kami ng maraming palakpak at papuri.

Noong ako ay nasa ikatlong taon na ay nakapasa ako sa level 2 ng Eiken Test in Practical English Proficiency. Nais kong pumasok sa unibersidad na may kursong kulturang pang-internasyonal kaya ang hangarin ko ngayon ay magsikap na maunawaang lubos ang wikang Ingles at Hapon. Maraming dayuhang estudyanteng galing sa iba’t ibang bansa ang pumapasok sa panggabing mataas na paaralan ng Isshiki. Habang kasama ko silang nag-aaral at nakakasalamuha, nagkaroon ako ng interes tungkol sa mga kultura ng mundo. At napag-isipan ko na lubos pa itong maunawaan. Nagpapasalamat ako nang marami sa aking mga guro at kaibigan na sumuporta at nagbigay sa akin ng pangarap na ito. Higit sa lahat, nagpapasalamat ako sa aking mga magulang na nagpursigi sa aking pumasok sa mataas na paaralan.

Ngayong ako ay nasa ikaapat na taon na, nagkaroon ako ng pagkakataon na magtrabaho bilang “gabay sa pag-aaral.” Tumutulong ako sa pagtuturo sa mga batang dayuhang kakadating pa lamang sa Japan na nag-aaral sa Karafuru, tulad ng pagtuturo ng Matematika, at pagpapasaulo sa mga bata ng mga salita gamit ang cards. Pumupunta rin ako sa elementarya ng Hananoki isang beses sa isang linggo upang pumasok sa klase ng mga bata at ipaliwanag sa mga batang dayuhan ang tinuturo ng guro. Dahil dito ay nagsimula na silang magtaas ng kanilang kamay sa klase. Dati ay nakikipag-away sila sa kanilang kamag-aral dahil hindi sila marunong magsalita ng wikang Hapon. Naaalala ko ang sarili ko kapag nakakakita ako ng mga batang tulad nilang hindi masabi ang nais sabihin kaya naaapi ng mga kaibigan, at hindi maintindihan ang pinag-aaralan sa paaralan. Kaya nais kong tulungan ang mga batang tulad nila. Naniniwala ako na balang araw ay lalakas din sila.

Tulad ko ay lumuha rin ako nang marami, ngunit ako ay nagsikap at napabuti ko ang aking sarili. Kaya hiling ko na magsikap din kayong lahat.